
# SIYA AY BUHAY!

*Si Propetang Joseph Smith ay nagbigay ng makabagong patotoo o pagsaksi tungkol sa nabuhay na mag-uling Jesucristo.*



## Doktrina at mga Tipan 76:22–24

**22** At ngayon, matapos ang maraming
patotoo na ibinigay hinggil sa kanya,
ito ang patotoo, na pinakahuli sa lahat,
na aming ibibigay tungkol sa kanya: Na
**Siya ay buhay!**

**23** Sapagkat **siya ay aming
nakita**, maging sa **kanang kamay**
ng Diyos; at aming narinig ang tinig na
nagpapatotoo na siya **ang Bugtong
na Anak ng Ama**—

**24** Na sa kanya, at sa pamamagi-
tan niya, at mula sa kanya, **ang
mga daigdig ay nililikha at
nalikha**, at ang **mga naninira-
han dito** ay mga isinilang na anak
na lalaki at babae ng Diyos.

### Siya ay buhay!

Ang mga propeta at mga apostol ay mga saksi ni Jesucristo. Pinatototohanan nila na Siya ay nagdusa, namatay, at muling nabubuhay ngayon.

### Siya ay aming nakita

Noong Pebrero 16, 1832, nakita nina Joseph Smith at Sidney Rigdon si Jesucristo sa isang pangitain.

### Kanang kamay

Sa mga kultura ng Biblia, ang kanang kamay ay isang lugar ng karangalan sa isang pista o kapita-pitagang okasyon. Kadalasan ay ibinibigay ito noon sa tagapagmana ng kaharian o ng bahay.

### Ang Bugtong na Anak ng Ama

Si Jesucristo ay isinilang sa lupa. Si Maria ang Kanyang ina, at sa pamamagitan ng isang himala, ang Ama sa Langit ang ama ng Kanyang pisikal na katawan. Si Jesucristo ang tanging taong isinilang sa ganitong paraan. Nakatulong ito para Siya ang maging Tagapagligtas natin.

### Ang mga daigdig ay nililikha at nalikha

Si Jesucristo ang Lumikha. Nilikha Niya ang daigdig na ito at ang iba pang mga daigdig.

### Mga naninirahan doon

May mga anak ang Ama sa Langit sa iba pang mga daigdig, at si Jesucristo rin ang kanilang Tagapagligtas.